

# Mga Gabay para sa Benepisyo ng Housing Security

Para sa mga nanganganib na mawalan ng tirahan dahil ng kabawasan ng kita sa pagsasara ng mga negosyo, sa loob ng 3 buwan at may pinakamahabang 9 na buwan, ang munisipyo ay **magbabayad ng parehong halaga ng renta sa inyong landlord.**

\* Para lamang sa mga bagong aplikante noong taong 2020 at nagsimula ng makatanggap ng benepisyo ay maaaring ma extend nang 12 buwan ang pagtanggap nito simula Enero 1, 2021



Magbabayad nang direkta sa landlord



## Mga May Karapatan

- Mga umalis sa trabaho o nagsara ng negosyo sa loob ng 2 taon
- Mga nanganganib na mawalan ng tirahan dahil ng kabawasan ng kita sa pagsasara ng negosyo.

## Muling Pagtanggap

- Ang mga natapos na ang pagtanggap ng benepisyo ay maaari muling **makatanggap sa loob ng 3 buwan lamang**
- Ang Aplikasyon ng Muling Pagtanggap ng Benepisyo (pinakamahaba na ang 3 buwan) ay na extend hanggang **katapusan ng Marso 2022**
- Ang Benepisyo para sa Housing Security at Benepisyo para sa pagsasanay o pag aaral ng trabaho ay maaaring magkasamang matanggap.

**Ang Palugit ng Aplikasyon ay hanggang katapusan ng Marso 2022**

## Mayroong ibang pang indibidwal na requirements

Para sa mga katanungan, mangyaring kumunsulta sa pinakamalapit na independent consultation support organization.

Para sa katanungan ukol sa aplikasyon, kumontak sa

<https://www.mhlw.go.jp/content/000614516.pdf>

Tablet and smartphone users click here →





## Madalas na Katanungan

Q. Ano ang ibig sabihin ng “Kung ikaw ay umalis sa trabaho o bumagsak ang negosyo”?

A. Ang tinutukoy na mga tao rito ay ang mga nakaranas nang pagbaba o bawas na sueldo dahil sa pagkawala ng pagkakataon na makapagtrabaho, o pagkabawas ng araw/oras ng trabaho na hindi nila kayang kontrolin, at wala silang kasalanan. Mga ilang halimbawa ang mga sumusunod:

(Ex.1) Ang isang tagapagturo ng gym na dating nagtatrabaho ng 4-5 araw sa isang linggo at ngayon ay nagtatrabaho na lang ng 2-3 araw sa isang linggo dahil sa hindi makapagbukas ang lugar ng trabaho ng buong-buo.

(Ex.2) Ang isang malayang tagasalin na may planong magsalin sa mga bisitang taga ibang bansa sa isang gaganapin na pagtitipon, nakansela dahil sa hiling na lockdown/self-quarantine.

(Ex.3) Isang taong may dating dalawang part-time na trabaho, subalit dahil sa pagsasara ng negosyo at iba pa, ay nawalan sila ng isang mapagtatrabahuhan.

(Ex.4) Ang isang nagmamay-ari ng Inn/Hotel na nakatanggap nang maraming kanselasyon dahil sa hiling na self-quarantine.

Ang mga hamlimbawa sa itaas ay dapat gamitin bilang pangkalahatang isip bkung sino ang naaangkop para sa benepisyong ito, at hihilingin sa lokal na munisipyo na magbigay ng tamang pakikitungo sa aplikante.



Q. Paano ko mapapatunayan na ako ay nasa bingit na nang sitwasyon na mawalan ng tirahan?

A. Para sa mga empleyado, ang pangunahing paraan ay patunayan na ang kanilang kasalukuyang oras o araw ng pagtatrabaho sa kasalukuyang rilyebo ay nabawasan mula sa nakasaad sa kanilang kontrata.

Para sa mga Solong Nagmamay-ari, mga dokumentong nagpapatunay na bawas ang oras /araw o kaya pagbabawas/ kanselasyon ng mga order para sa mga nagtatrabahong pang kontraktual ay maaaring gamitin.

Bilang karagdagan, kung ikaw ay tumatanggap ng espesyal na loan mula sa Social Welfare Council, maaari mong gamitin ito bilang katibayan sa kabawasan ng iyong kita.

Mayroon ring petition form na magagamit para sa mga nabawasan ng kita, subalit walang mga dokumentong gaya ng nasa itaas.

Q. Ako ay isang freelancer, at ang mga trabaho at kontrata ay matinding bagsak. Ako po ba ay karapat-dapat sa benepisyong ito ?

A. Opo. Ang mga Freelancers at self-employed ay puede, kung nais nilang ipagpatuloy ang trabahong freelance habang tinatakpan ang kanilang gastos sa pang-araw-araw sa pamamagitan ng short-time o part-time na trabaho, at hindi nila kailangang tumigil o gumawa ng rilyebo sa employment status upang tumanggap ng benepisyo.